REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Trunkline : 632-1361
Fax: 633-7231
DETxt: 0919-4560027
Website: http://www.deped.gov.ph

MAY 28 2004

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 241, s. 2004

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Departamento ng Filipino ng Miriam College sa pakikipagtulungan ng Katipunan ng mga Guro sa Filipino ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino na gaganapin sa Agosto 6-7, 2004 sa Astoria Hotel, Zamboanga City, at sa Setyembre 18-19, 2004 sa Elegant Hotel, Cebu City. Ang tema ng seminar sa Zamboanga City ay *"Teorya at Praktika sa Pagpapaunlad ng Pagtuturo ng Wika at Panitikan"* at ang tema ng seminar sa Cebu City ay *"Ang Pagtuturo ng Wika at Panitikan, Teorya at Metodolohiya"*.

2. Ang layunin ng seminar-worksyap na ito ay:

a. masuri ang konsepto ng multiple intelligence para sa holistikong pag-unawa sa iba't ibang kakayahan at kasanayan ng mga estudyante sa pag-aaral ng wika at panitikan;
b. magkaroon ng karagdagang kaalaman ang mga guro na maitampok ang wikang pambansa na mas mauunawaan ng mga mag-aaral at mas magiging makabuluhang instrumento sa pag-aaral;
c. maisagawa ng mga guro na mapabago ang pananaw ng mga estudyante sa wikang Filipino bilang isang wikang dinamiko na umaayon sa gamit ng lipunan; at
d. pag-ibayuhin ang kaalaman sa teoretikal na aspekto at iba't ibang lapit at paraan sa pagtuturo ng wika at panitikan.

3. Ang dadalo sa seminar na ito ay ang mga puno/dekano ng kolehiyo at unibersidad, superintendente, superbisor sa Filipino, punong guro ng mga paaralan, tagapangulo/tserman ng Departamento ng Filipino, mga propesor at guro sa antas elementarya, sekundarya at tersyarya, at iba pang mga administrador at guro sa ibang larangan o disiplina na may interes na matuto at maging bihasa sa wikang Filipino.

4. Ang lahat na dadalo sa seminar na ito ay magbabayad ng Dalawang Libo at Walong Daang Piso (PhP2,800.00) para sa rehistrasyon, seminar kit, apat na meryenda sa umaga, dalawang tanghalian, meryenda sa hapon at isang hapunan. Ang bayad ng bawat delegado sa bawat araw sa pagtira sa hotel ay Dalawang Daang at Pitomput Limang Piso (PhP275.00).

5. Mangyaring tumawag o makipag-alam kay Dr. Teresita Perez-Semorlan sa cellphone nos. 09208010338/ 09172754613/ 09168997118 para sa karagdagang impormasyon, maaari din pong magpadala ng komunikasyon sa fax no. (062) 991-2360/ 02-435-9232.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

JUAN MIGUEL LUZ
Undersecretary
Officer-in-Charge

Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran Blg. 478, s. 2003

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
TEACHERS

*Reformatted by: Sally-SeminarFil-Miriam College*
*May 24, 2004*
*Computer used:Sheila*